Asian American na Legal na Tagapagtanggol at Pondo para sa Edukasyon
99 HUDSON STREET, 12th FL • NEW YORK, NY 10013 • TEL 212.966.5932 • www.aaldef.org • info@aaldef.org

Bilingual na Mga Balota at Tulong para sa Wika sa mga Asian American

Seksyon 203 ng Voting Rights Act

Noong 1970s, natuklasan ng Kongreso ng Estados Unidos na ang mga Asian American, Latino, Mga katutubong Taga-Alaska, at Katutubong Amerikano ay humarap sa mahahalagang mga balakid sa pagsali sa halalan dahil karamihan ay hindi ganap na kabisado ang Ingles. Bilang tugon, ipinatupad ng Kongreso ang Language Assistance Provisions sa ilalim ng Seksyon 203 ng Voting Rights Act.

Mga Kautusan sa Seksyon 203
Sa ilalim ng Seksyon 203, ang ilang mga lokal na hurisdiksyon ay kailangan isalin-wika ang mga balota, mga form para sa pagrerehistro ng botante, mga tagubilin sa pagboto, at lahat ng iba pang mga materyal sa pagboto at magkaloob ng mga tagasalin sa mga distrito/presinto ng halalan. Sa ilalim ng batas, ang mga botante ay may karapatan din na pumili ng iba pang tao - tulad ng isang kaibigan o kamag-anak- at isama ito sa pagbobotohan upang matulungan silang maunawaan ang mga materyal sa pagboboto at kung paano bumoto.
Hinihikayat ng Seksyon 203 sa mga lokal na opisyal ng halalan na makipagtulungan sa mga samahan na batay sa komunidad na gumawa ng mga programa para pantulong sa wika.

Pagpapatupad ng Seksyon 203
Upang mapatupad ang Seksyon 203 sa hurisdiksyon, dapat na makahanap ang Sensus ng 5% o higit sa 10,000 mga nasa edad para bumoto (higit sa 18 taong gulang) na mga mamamayan na nagsasalita ng wikag Asyano, may limitadong kabihasnan sa Ingles, *at* may mataas na antas ng kahirapan sa pagsusulat at pagbabasa kumpara sa batayan ng pambansang kawalan ng kakayahan ng bumasa at magsulat. Sumunod sa Sensus ng Taong 2010, ang mga county at lungsod na saklaw para sa pagsasalin-wika ng mga materyal sa pagboto at mga interpreter, at pati na rin ang mga partikular na wika/diyalekto sa ilalim ng Seksyon 203, ay nakalista sa talaan.

Mga Problema sa Pagpapatupad ng Seksyon 203
Nagkaroon ng mga problema sa pagpapatupad ng Seksyon 203 para sa mga botante na nagsasalita ng wikang Asyano, tulad ng:

- mga hurisdiksyon na ayaw magkaloob ng anumang tulong para sa wika;
- maling pagkakasalin na mga materyal;
- mga interpreter na nagsasalita ng maling wika o diyalekto;
- mga lugar ng botohan na kulang ang mga nasalin-wika na materyal at karatula;
- hindi sapat na bilang ng mga interpreter.

Lahat ng mga problema ay dapat na i-ulat kaagad sa angkop na mga opisyal.

Saklaw sa Wikang Asyano sa Ilalim ng Seksyon 203 ng Voting Rights Act makalipas ang Sensus ng Taong 2010

ALASKA
-- Aleutians East Borough: Filipino
-- Aleutians West Census Area: Filipino

CALIFORNIA
-- Alameda: Chinese, Filipino, Vietnamese
-- Los Angeles: Chinese, Japanese, Korean, Filipino, Vietnamese, Indian, Other (hindi tiniyak)
-- Orange: Chinese, Korean, Vietnamese
-- Sacramento: Chinese
-- San Diego: Filipino, Chinese, Vietnamese
-- San Francisco: Chinese
-- San Mateo: Chinese
-- Santa Clara: Chinese, Filipino, Vietnamese

HAWAII
-- Honolulu: Chinese, Filipino, Japanese
-- Maui: Filipino

ILLINOIS
-- Cook: Chinese, Indian

MASSACHUSETTS
-- Quincy city: Chinese

MICHIGAN
-- Hamtramck city: Bangladeshi

NEVADA
-- Clark: Filipino

NEW JERSEY
-- Bergen: Korean

NEW YORK
-- Kings (Brooklyn): Chinese
-- New York (Manhattan): Chinese
-- Queens: Chinese, Korean, Indian

TEXAS
-- Harris: Vietnamese, Chinese

WASHINGTON
-- King: Chinese, Vietnamese
-- King: Chinese, Vietnamese

Boluntaryong Tulong sa Wika

Sa karamihan sa mga bansa sa Estadosu Unidos, ang mga nagsasalita ng wikang Asyano ay maaaring marami pero tunay pa rin na masyado kaunti upang maabot ang pagsubok para masaklaw sa Seksyon 203. Sa mga ganitong pangyayari, ang mga grupo sa komunidad ay nakipagtrabaho sa at pinilit ang mga lokal na opisyal ng halalan na *boluntaryong* magkaloob ng mga nasalin na materyal at tulong sa wika. Halimbawa:

Philadelphia – Ang mga Commissioner ng Lungsod ay nagkakaloob ng Chinese, Vietnamese, at Khmer na interpreter sa mga lugar ng botohan.

Boston – Hinihiling sa ilalim ng batas ng Estados ang mga bilingual na balota at tulong sa wika sa wikang Chinese at Vietnamese.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na opisyal na halalan, ang paraang makaboto ay maaaring mapalawak sa mas maraming mga Asian American.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Asian American na Legal na Tagapagtanggol at Pondo para sa Edukasyon sa "info@aaldef.org" o 212-966-5932.

©AALDEF 2012